# Division of Workers' Compensation

Factsheet

## Ano ang kabayaran para sa pagkapinsala ng manggagawa sa trabaho (worker's compensation)?

Kung ikaw ay napinsala sa trabaho, ang iyong pinagtatrabahuhan ay inuutusan ng batas na magbayad para sa mga benepisyong kabayaran para sa pagkapinsala ng manggagawa sa trabaho. Maaari kang masaktan sa:

Isang kaganapan sa trabaho. Mga Halimbawa: pinsala sa iyong likod dahil sa pagkahulog, pagkasunog dahil sa kemikal na tumalsik sa iyong balat, pinsala dahil sa isang aksidente sa sasakyan habang naghahatid ng mga produkto.

—o—

Paulit-ulit na pagkakalantad sa trabaho. Mga halimbawa: pinsala sa iyong pulsuhan dulot ng paulit-ulit na parehong paggalaw nito, pagkapinsala sa iyong pandinig dahil sa palagiang malakas na ingay.



Kuha ni Robert Gumpoert

*Nagbabawas ng epekto ng mga pinsala at karamdaman na may kaugnayan sa trabaho*

## Anu-ano ang mga benepisyo?

- **Medikal na pangangalaga:** Binayaran ng iyong pinagtatrabahuhan, para tulungan ka sa iyong paggaling mula sa isang pinsala o karamdaman na dulot ng trabaho.
- **Mga benepisyo sa pansamantalang pagkapinsala:** Kabayaran kapag nawalan ka ng sahod dahil sa iyong pinsala na humahadlang sa iyong gawin ang iyong karaniwang trabaho habang nagpapagaling.
- **Mga benepisyo sa permanenteng pagkapinsala:** Mga kabayaran kung hindi ka ganap na gumaling.
- **Mga karagdagang benepisyo sa pagbago ng trabaho** (supplemental job displacement benefit) (kung ang petsa ng iyong pinsala ay noong 2004 o mas matagal pa): Ang mga vouchers ay makakatulong sa pagbayad para sa muling pagsasanay o pagpapahusay ng kakayahan kung hindi ka tuluyang gagaling at hindi na makakabalik sa trabaho sa iyong pinagtatrabahuhan.
- **Mga benepisyo sa pagkamatay:** Ang mga kabayarn sa iyong asawa, mga anak o mga iba pang nakadepende sa iyon kung mamamatay ka dahil sa pinsala o karamdaman dahil sa trabaho.



*Tumutulong sa paglutas ng mga di pagkakaunawaan sa mga benepisyo ng kabayaran sa pangkapinsala sa trabaho ng manggagawa*

## Ano ang kailangan kong gawin kung napinsala ako sa trabaho?

### *Ipagbigay-alam ang pinsala sa iyong pinagtatrabahuhan*

Sabihin kaagad sa iyong superbisor. Kung ang iyong pinsala o karamdaman ay natamo nang dahan-dahan (tulad ng tendinitis o pagkapinsala ng pandinig), ireport sa lalong madaling panahon kung iyong nalaman o naniniwalang ito ay dulot ng iyong trabaho.



*Sumusubaybay sa mga pangangasiwa ng mga paghahabol*

***Humingi ng pang-emergency na paggamot kung kinakailangan***

Kung ito ay isang medikal na emergency, pumunta kaagad sa emergency room. Maaaring papayuhan ka ng iyong pinagtatrabahun kung saan ka pupunta para magamot. Sabihin sa tagapagdulot ng pangangalagang pangkalusugan na gagamot sa iyo na ang iyong pinsala o karamdaman ay may kaugnayan sa trabaho.

**Sagutan ang form ng paghahabol at ibigay ito sa iyong pinagtatrabahuhan** Dapat na bigyan o padalhan ka ng form ng paghahabol (claim form) sa loob ng isang araw ng trabaho pagtapos nitong malaman ang tungkol sa iyong pinsala o karamdaman. Gamitin ito para humiling ng mga benepisyo sa pagkakapinsala sa trabaho.

***Humingi ng mabuting medikal na pangangalaga***

Humingi ng mabuting medikal na pangangalaga para matulungan kang gumaling. Kailangan kang magamot ng isang doktor na nakakaunawa ng iyong partikular na uri ng pinsala o karamdaman. Sabihin sa doktor ang tungkol sa iyong mga sintomas at mga kaganapan sa trabaho na pinaniniwalaan mong naging sanhi nito. Ilawaran rin ang iyong trabaho at inyong paligid sa trabaho.

## Natatakot akong baka tanggalin ako sa trabaho dahil sa aking pinsala. Matatatanggal ba ako ng aking pinagtatrabahuhan?

Iligal para sa iyong pinagtatrabahuhan na parusahan o tanggalin ka sa trabaho para sa pagkakaroon ng pinsala na dulot ng trabaho, o sa pagsampa ng paghahabol ng mga benepisyo sa pagkapinsala sa trabaho ng manggagawa kung naniniwala kang ang iyong pinsala ay dulot ng iyong trabaho.

Kung sa pakiramdam mo ay nanganganib ang iyong trabaho, humanap ng isang taong makakatulong. Alalahaning may mga deadline para sa pagkilos para maprotektahan ang iyong mga karapatan.

Ang California Division of Workers' Compensation (DWC) ay isang ahensiya ng estado na nagbabantay sa pagdulot ng mga benepisyo para sa mga napinsalang manggagawa at tumutulong sa paglutas ng mga di pagkakaunawaan sa mga benepisyo na namamagitan sa napinsalang manggagawa at mga pinagtatrabahuhan.

Ang mga opisyal sa impormasyon at tulong ng DWC (I & A) ay makakatulong sa iyong siyasatin ang sistema sa kabayaran sa pagkakapinsala sa trabaho ng manggagawa, at makakapagbigay ng mga form sa paghahabol o mga iba pang form na kakailanganin mo para makatanggap ng mga benepisyo.

*Ang LIBRENG publikasyon "A Guidebook for Injured Workers," (Gabay para sa Napinsalang Manggagawa) ay maaaring i-download mula sa www.dwc.ca.gov.*



*Tumawag sa 1-800-736-7401 para marinig ang mga nakarekord na mga impormasyon ng iba't ibang paksa sa kabayaran sa pagkakapinsala ng mangagawa sa trabaho 24 oras sa isang araw, o pumunta online sa www.dwc.ca.gov para mahanap ang pinakamalapit sa iyong tanggapan ng I & A.*

*Mangyaring bumisita sa*
***Division of Workers' Compensation***
Web site sa: www.dwc.ca.gov
tumawag sa 1-800-736-7401

Department of Industrial Relations 1515 Clay Street, 17th Floor, Oakland, CA 94612 www.dir.ca.gov
Hulyo 2010